

Libreng Serbisyo ng Bus Sinubukan


(277)

武蔵小杉駅と井田病院間の患者送迎バス試行運転について

Sinubukang magpatakbo ng libreng shuttle bus para sa biyahe mula sa istasyon ng Musashi-Kosugi hanggang Ida Hospital. May dalawampung minuto ang kakailanganing oras ng one-way trip samantalang ito naman ay libre o mapapakinabangan ng walang bayad.

Magtatapos ang serbisyong ito sa ika-30 ng Nobyembre at inaasahang magkakaroon ng ebalwasyon sa nasabing serbisyo kung anong oras ito madalas gamitin ng mga pasyente.

Ang serbisyong bus ay tumatakbo mula Lunes hanggang Biyernes sa oras ng alas 7:00 ng umaga hanggang alas 6:00 ng gabi. Ang detalye ng iskedyl ng biyahe ay matutunghayan sa website ng Siyudad ng Kawasaki. Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa Hospital Administration Planning Office: 044-210-2170.



Maging Miyembro ng Kawasaki Frontale Supporters Club

川崎フロンターレ後援会会員募集


278

Sumali na o maging Miyembro ng Kawasaki Frontale Supporters Club sa taong 2007!

Sa pagsali ng Supporters Club, makakatanggap ng libreng tiket bilang gantimpala at makipag-isa sa Kawasaki Hometown Sports Partner upang suportahan ang Kawasaki Frontale.

Ang mga uri at membership fee ay: ¥500 para sa junior membership ng mag-aaral ng junior highschool at elementary. ¥6000 para sa taunang membership pampamilya hanggang apat na katao, at ¥3000 para sa indibidwal na pagiging miyembro.

Sa detalye: Kawasaki Frontale Supporters Club 044-739-6070.



Eksibit sa Shimin Museum 「Minna no Doraemon Ten」

279

市民ミュージアム「みんなのドラえもん」


Ang [Minna no Doraemon Ten] ay magbubukas at matutunghayan sa Shimin Museum mula ika-20 ng Enero, 2007. Inaanyayahan ang lahat upang dumalo at makita ang mga orihinal na drowing, produkto, art works at iba pang uri ng doraemon.

Ang mga estudyante ng elementarya at mga may edad 65 pataas ay libre, ¥500 para sa mga kolehiyo at Senior High school, ¥800 para sa mga nasa tamang edad. Bukas ito hanggang ika-25 ng Pebrero.

Tiyak na magugustuhan ninyo ang mga likhang na-uukol sa arte, ang mga materyales na nagsasaad ng alamat ng Kawasaki, atbpa.

Sa mga nais makarating sa Shimin Museum, sumakay ng bus galing sa istasyon ng Musashi-Kosugi at bumaba sa [Shimin Museum]

Sa mga katanungan tumawag sa: 044-754-4500.



May problema ka? Tawag na o magsadya sa:
Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/